Mensahe Labing-isa

## Ang Dibino-pantaong Pakikipaglakip ng Napasukdol na Diyos sa mga Isinilang na muling Mananampalataya—ang Kinalabasan ng Pagiging Naluwalhati ni Kristo ng Dibinong Kaluwalhatian sa Pamamagitan ng Ama

Babasahin sa Kasulatan: Luc. 12:49-50; Juan 12:23-24; 14:2, 10-11, 17, 20-21, 23; 15:1-8, 16; 16:13-16; Apoc. 21:3, 22

**I. Kailangan nating makita na sa buong sansinukob, iisang bagay lamang ang ninanais ng Diyos, yaon ay, ang pansansinukob na pakikipaglakip ng Kanyang sarili bilang ang napasukdol na Diyos sa mga naisilang na muling mananampalataya—Juan 14:10-11, 20; 17:21, 23; 14:23; Apoc. 21:3, 22:**

A. Ang kaugnayan ng mga mananampalataya sa Panginoon ay inilalarawan ng mga salitang *pakikipag-isa, paghahalo,* at *pakikipaglakip*; ang *pagkikipag-isa* ay ukol sa ating kaisahan sa buhay sa Panginoon, ang *paghahalo* ay may kaugnayan sa dibino at pantaong kalikasan, at ang *pakikipaglakip* ay mga persona na nananahanan sa isa't isa, nasa isa't isa—Juan 15:4-5; 2 Ped. 1:4; Juan 14:20.

B. Ang tatlo sa Dibinong Trinidad ay isang pakikipaglakip mula sa kawalang-hanggan kapwa sa kung ano Sila at sa kung ano ang ginagawa Nila—b. 10:

1. Ang tatlo sa Dibinong Trinidad ay nailakip sa pamamagitan ng mutuwal na pananahan sa isa't isa—"Ako ay nasa loob ng Ama at ang Ama ay nasa loob Ko"—bb. 10a, 11a.
2. Ang tatlo sa Dibinong Trinidad ay isang pakikipaglakip sa pamamagitan ng sama-samang paggawa bilang isa—"Ang mga salitang sinasalita Ko sa inyo ay hindi Ko sinasalita mula sa Aking sarili, kundi ang Ama na tumatahan sa Akin, Siya ang gumagawa ng Kanyang mga gawa" (b. 10b); "magsisampalataya kayo dahil sa mga gawa mismo" (b. 11b).

C. Ipinahihiwatig ng Mga Gawa 2:23 na ang pansansinukob dibinong pakikipaglakip na ito, ang tatlo sa Dibinong Trinidad, ay nagsagawa ng isang pasya sa kawalang-hanggan at nagkasundong isugo ang ikalawa sa Dibinong Trinidad sa panahon upang maging isang tao para sa pagsasagawa ng dibinong ekonomiya ng Diyos—1 Ped. 1:20; Mik. 5:2; cf. Gen. 1:26.

D. Bago ang pagkakatawang tao, ang pansansinukob na pakikipaglakip na ito ay binubuo ng tatlong partido; pagkatapos, dinala ng ikalawa sa Dibinong Trinidad ang pansansinukob na pakikipaglakip na ito tungo sa pagkatao—Juan 14:1-11.

E. Ang tatlo sa Dibinong Trinidad ay nailakip na sa walang hanggang nakalipas; ang nailakip na Isang ito ay pumasok sa panahon upang ilakip ang lahat ng Kanyang pinili tungo sa Kanyang pakikipaglakip upang gumawa ng isang dakila, pansansinukob, dibino-pantaong pagkikipaglakip ng napasukdol na Diyos sa mga naisilang na muling mananampalataya—17:21.

F. Inihahayag ng Juan 14:20 na ang napasukdol na Tres-unong Diyos at ang mga naisilang na muling mananampalataya ay naging isang pakikipaglakip sa pagkabuhay na muli ni Kristo:

1. "Sa araw na yaon"—sa araw ng pagkabuhay na muli ng Anak.
2. "Malalaman ninyong Ako ay nasa loob ng Aking Ama" (ang Anak at ang Ama ay nailakip sa isa), "at kayo ay nasa loob Ko" (ang isinilang na muling

mananampalataya ay nailakip sa Anak at sa Ama na nasa Anak), at "Ako ay nasa loob ninyo" (ang Anak sa loob ng Ama ay nailakip sa mga isinilang na muling mananampalataya).

3. Ang *sa loob* ng Espiritu ng realidad sa bersikulo 17 ("ang Espiritu ng realidad...ay nananahan sa inyo at pasasaloob ninyo") ay ang kabuoan ng tatlong *nasa loob* sa bersikulo 20.

## II. Ang paglaya ng kaluwalhatian ng pagkadibino ni Kristo ay ang Kanyang pagiging naluwalhati ng Ama sa dibinong kaluwalhatian (12:23-24) sa Kanyang pagkabuhay na muli sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan (Luc. 24:26); ang paglaya ng kaluwalhatian ng Kanyang pagkadibino kalakip ang Kanyang dibinong buhay ay upang maghagis ng apoy sa lupa (12:49-50):

A. Ang kaluwalhatian ng pagkadibino ni Kristo ay nakakubli sa loob Niya gaya ng sa isang butil ng trigo; ang Kanyang pagkatao sa pamamagitan ng Kanyang pagkakatawang tao ay naging isang takip upang ikubli ang kaluwalhatian ng Kanyang pagkadibino kalakip ng Kanyang dibinong buhay—Juan 12:23-24.

B. Ang Panginoon ay nagigipit at napipigilan, nananabik na mabautismuhan ng bautismo ng Kanyang kamatayan para sa paglaya ng kaluwalhatian ng Kanyang pagkadibino kalakip ang Kanyang dibinong buhay sa pamamagitan ng pagbasag sa takip ng Kanyang pagkatao—Luc. 12:49-50; Juan 12:23-24:

1. Siya ang namumukod-tanging butil na naglalaman ng Kanyang dibinong buhay kalakip ang Kanyang dibinong kaluwalhatian; nang ang takip ng Kanyang pagkatao ay nabasag sa pamamagitan ng pagkapako sa krus, ang lahat ng elemento ng Kanyang pagkadibino—ang Kanyang dibinong buhay at ang Kanyang dibinong kaluwalhatian—ay magkakasabay na napalaya.
2. Ang Kanyang di-nalilimitahan at walang hangganang dibinong persona kalakip ang Kanyang dibinong buhay, pagkaraang mapalaya sa pamamagitanng pisikal na kamatayan, ay naging udyok ng espirituwal na buhay ng mga mananampalataya sa pagkabuhay na muli.

C. Ang paglaya ng kaluwalhatian ng pagkadibino ni Kristo ay ang Kanyang pagiging naluwalhati ng Ama ng dibinong kaluwalhatian sa Kanyang pagkabuhay na muli sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan; si Kristo sa Kanyang pantaong pamumuhay ay nanalangin na luwalhatiin Siya ng Ama, at sinagot ng Ama ang Kanyang panalangin—17:1; Gawa 3:13; Luc. 24:26.

D. Ang gayong pagluluwalhati ang naglipat kay Kristo mula sa yugto ng pagkakatawang tao tungo sa yugto ng pagpapaloob, kung saan Siya, bilang huling Adam, ay naging nagpapaloob ng lahat Espiritung nagbibigay-buhay sa pagkabuhay na muli—Juan 1:14; 1 Cor. 15:45b; Fil. 1:19.

E. Sa pamamagitan ng Kanyang pagluluwalhati sa loob ng Kanyang pagkabuhay na muli, si Kristo ay naging ang panganay na Anak ng Diyos, nagtataglay kapwa ng pagkadibino at pagkatao (Gawa 13:33; Roma 8:29); Siya ay naging Espiritung nagbibigay-buhay, ang malahanging Kristo (1 Cor. 15:45b; Juan 20:22); at Kanyang isinilang na muli ang lahat ng Kanyang mananampalataya upang maging mga anak ng Diyos, mga kauri ng Diyos (1Ped. 1:3).

## III. Ang kinalalabasan ng pagluluwalhati kay Kristo, ang Kanyang pagkabuhay na muli, ay ang pakikipaglakip ng lahat ng pinili, tinubos, at isinilang na muling bayan ng Diyos

**sa Kanyang sarili sa tatlong aspekto—ang bahay ng Ama, ang puno ng ubas ng Anak, at ang sanggol ng Espiritu:**

A. Ang unang aspekto ng pagkikipaglakip ng napasukdol na Diyos sa mga isinilang na muling mananampalataya sa pagkabuhay na muli ay ang bahay ng Ama, sinasagisag ng templo—Juan 14:2; 2:16-21; 1 Tim. 3:15:
   1. Ang bahay ng Ama ay isang dibino at pantaong pakikipaglakip ng naproseso at napasukdol na Diyos na binubuo ng Kanyang tinubos, isinilang na muli, at natranspormang hinirang; ang lahat ng mananampalataya sa loob ni Kriso, na tinubos sa pamamagitang ng dugo, isinilang na muli ng Kanyang buhay sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, at natransporma ng dibinong elemento sa pamamagitan ng Espiritung nagbibigay-buhay, ay  mga "tirahan" sa bahay ng Ama—Juan 14:2, 23.
   2. Ang bahay ng Ama ay itinatayo sa pamamagitan ng palagiang pagbisita sa mga tinubos na hinirang ng Ama at ng Anak kalakip ang Espiritu na nananahanan sa mga tinubos na hinirang upang maging kapwa pinananahanang lugar ng napasukdol na Tres-unong Diyos at ng Kanyang tinubos na hinirang.

B. Ang ikalawang aspekto ng pagkikipaglakip ng napasukdol na Diyos sa mga isinilang na muling mananampalataya sa pagkabuhay na muli ay ang tunay na puno ng ubas ng Anak—15:1-18, 16:
   1. Ang tunay na puno ng ubas bilang isang sagisag ng nagpapaloob ng lahat na Espiritu ay ang organismo ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos.
   2. Ang mga sanga nito ay ang mga mananampalataya ni Kristo, na sa kalikasan ay mga sanga ng ligaw na puno ng olibo (Roma 11:17, 24) sa pamamagitang ng kanilang pagsampalataya tungo kay Kristo (Juan 3:15); kapwa ang nilinang na puno ng olibo at ang tunay na puno ng ubas ay sumasagisag kay Kristo; kaya, ang maiugpong tungo sa nilinang na puno ng olibo ay ang maiugpong tungo kay Kristo.
   3. Ang mga naiugpong na sanga nito ay isinilang na muli ng dibinong buhay, dinala tungo sa pakikipag-isa sa buhay ng nabuhay na muling Kristo, at nailakip sa naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos.

C. Ang ikatlong aspekto ng pakikipaglakip ng napasukdol na Diyos sa mga naisilang na muling mananampalataya sa pagkabuhay na muli ay ang bagong sanggol ng Espiritu—16:13-16, 19-22:
   1. Isang bagong sanggol, isang bagong tao, ay isinilang ng napasukdol na Espiritu sa pagkabuhay na muli; ang bagong sanggol na ito, ang bagong tao, ay nilikha ni Kristo sa krus sa pamamagitan ng pagpapawalang-bisa sa pamamagitan ng Kanyang laman ang kautusan ng ng mga utos sa mga ordinansa—bb. 21, 13-15; Efe. 2:15.
   2. Itong bagong sanggol, ang bagong tao, ay isinilang na muli ng Ama kalakip ang nabuhay na muling Kristo sa pagkabuhay na muli at isinilang ng Espiritu sa espiritu ng mga mananampalataya—1 Ped. 1:3; Roma 1:4, Juan 3:6b.
   3. Ang unang grupo ng mga mananampalataya ni Kristo, na nagdusa ng paglisan ni Kristo sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, ay ang nagluluwal na babae, at ang Kristo na bumalik sa pagkabuhay na muli ay ang bagong silang na sanggol upang maging ang bagong tao—16:20-22; Col. 3:10-11.

4. Ang bagong tao ay dapat isuot ng mga mananampalataya sa pamamagitan ng kanilang pagiging napapabago sa espiritu ng kanilang kaisipan upang pasukdulin ang Katawan ni Kristo—Efe. 4:23-24.

**IV. Ang manahan kay Kristo, kinukuha Siya bilang ating pinananahanang lugar, at ang hayaan Siyang manahan sa atin, kinukuha tayo bilang Kanyang pinananahanang lugar, ay ang mamuhay sa realidad ng pansansinukob na pakikipaglakip ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos sa mga tinubos at isinilang na muling mananampalataya—Juan 14:2, 10-11, 17, 20, 23:**

A. Ang manahan kay Kristo upang Siya ay makapanahan sa atin ay manahan kay Kristo, kinukuha Siya bilang ating lahat-lahat; ang kunin Siya bilang ating tahanan, ating walang hanggang pinananahanang lugar, ay ang pinakamataas at sukdulang pagdaranas kay Kristo—Awit 90:1; 9:1, 9; Juan 15:4-5; Apoc. 21:22.

B. Tayo ay nananahan kay Kristo upang Siya ay makapanahan sa atin sa pamamagitan ng pag-ibig sa Kanya—Juan 14:21, 23:

1. Sa pamamagitan ng pag-ibig sa Panginoon ng ating unang pag-ibig, binibigyan Siya ng unang puwesto sa lahat ng bagay, at tayo ay nailalakip tungo sa Tres-unong Diyos upang Kanyang maging pinananahanang lugar—Apoc. 2:4-5; Col. 1:18b; Juan 14:21, 23; Efe. 3:16-17; cf. 27:4.
2. Kapag iniibig natin ang Panginoong Hesus, inihahayag Niya ang Kanyang sarili sa atin, at ang Ama ay dumarating kalakip Niya upang gumawa ng tirahan sa atin para sa ating pagtatamasa; ang tirahang ito ay isang mutuwal na tirahan, kung saan ang Tres-unong Diyos ay nananahan sa atin at tayo ay nananahan sa Kanya—Juan 14:23.
3. Lalo nating iniibig ang Panginoon, lalo nating tataglayin ang Kanyang presensiya, at lalo tayong nasa Kanyang presensiya, lalo nating tatamasahin ang lahat ng kung ano Siya sa atin; ang pagbabawi ng Panginoon ay isang pagbabawi ng pag-ibig sa Panginoong Hesus—1 Cor. 2:9-10; Efe. 6:24.

C. Tayo ay nananahan kay Kristo upang Siya ay manahan sa atin sa pamamagitan ng pagtutuos ng palagiang salita sa mga Kasulatan, na nasa labas natin, at ang kasalukuyang salita bilang Espiritu, na nasa loob natin—Juan 5:39-40; 6:63; 2 Cor. 3:6; Apoc. 2:7:

1. Sa pamamagitan ng panlabas, naisulat na salita, mayroon tayong paliwanag, kahulugan, at kahayagan ng mahiwagang Panginoon, at sa pamamagitan ng panloob, buhay na salita, mayroon tayong pagdaranas sa nananahang Kristo at ng presensiya ng praktikal na Panginoon—Efe. 5:26; 6:17-18.
2. Kung mananahan tayo sa palagian at naisulat na salita ng Panginoon, ang Kanyang kagyat at buhay na mga salita ay mananahan sa atin—Juan 8:31; 5:7; 1 Juan 2:14.
3. Sa ganitong paraan tayo ay palalim na mauugatan tungo kay Kristo, bilang ating lupa, ating lupain, at magbubunga pataas upang maluwalhati ang Ama—2 Hari 19:30; Isa. 37:31; Juan 15:7-8.
4. Tayo ay nananahan sa Kanya at ang Kanyang mga salita ay nananahan sa atin upang tayo ay makapagsalita sa Kanya at Siya ay makapagsalita sa atin para sa pagtatayo ng Diyos tungo sa tao at ng tao tungo sa Diyos—b. 7; 2 Cor. 2:17; 13:3; 1 Cor. 14:4b.

5. Umaga kada umaga kailangan nating mapabanal sa pamamagitan ng paghipo sa Salita at hinhayaan ang Espiritu na hipuin tayo upang lumabas sa ating sarili, sa ating lumang pinanunuluyang lugar, at tungo sa Tres-unong Diyos, ang ating bagong pinanunuluyang lugar, ang lugar ng pananahan sa isa't isa na kaisahan sa Tres-unong Diyos—Juan 17:17, 21; Efe. 5:26.

**V. Ang Bagong Herusalem ay ang sukdulang pakikipaglakip ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyosn sa mga naisilang na muli, napabanal, napabago, natransporma, naiwangis, at naluwalhating ekklesiang may tatlong bahagi—Apoc. 21:3, 22:**

A. Ang Bagong Herusalem ay isang sama-samang persona, isang sama-sama, dakilang Diyos-tao; ang sama-samang taong personang ito ay isang magkapareha—ang naprosesong Tres-unong Diyos na ikinasal sa natranspormang tayong may tatlong bahagi; ito ang Espiritu at ang kasintahang babae na sama-samang naipagkakaisa, naihahalo, at nailalakip upang maging isang entidad—22:17a.

B. Ang Diyos ay tatlo—ang Ama, ang Anak, at ang Espiritu—isang sama-samang persona; tayo, ang milyon-milyong mananampalataya, ay mga sama-samang persona rin; ang mga personang ito ngayon ay nasa isa't isa—Juan 14:2-21; 15:5; 1 Juan 4:15-16.

C. Tayo ay tabernakulo ng Diyos para sa Kanyang pinananahanang lugar, at ang Diyos ang ating templo para sa ating pinananahanang lugar—ang mutuwal na tahanan ng Diyos at tao—Apoc. 21:2-3, 22-23; Awir 90:1; 27:4; Deut. 33:27.

D. Ang Bagong Herusalem ay ang tabernakulo ng Diyos, at ang sentro ng tabernakulo ay si Kristo bilang ang natatagong manna; ang paraan upang mailakip tungo sa ganitong pansansinukob, dibino-taong pakikipaglakip, ang mutuwal na tahanan ng Diyos at tao, ay ang kainin si Kristo bilang ang natatagong manna—Apoc. 21:3; Exo. 16:32-34; Heb. 9:4; Apoc. 2:17:

1. Si Kristo bilang natatagong manna ay nasa loob ng Diyos Ama bilang gintong sisidlan; ang Ama ay nasa loob ni Kristo bilang kaban kalakipa ang Kanyang dalawang kalikasan, pagkadibino at pagkatao; at si Kristo bilang ang nananahanang Espiritu ay namumuhay sa ating naisilan na muling espiritu upang maging realidad ng Kabanal-banalan—nangangahulugan ito na ang Anak ay nasa loob ng Ama; na ang Ama ay nasa loob ng Anak, at ang Anak bilang Espiritu ay ang realidad ng Kabanal-banalan.
2. Hindi tayo dapat makihugpong sa sanlibutan—dapat tayong mailakip tungo sa Bagong Herusalem sa pamamagitan ng pagkain kay Kristo bilang natatagong manna; kapag kinakain natin Siya, nabubuhay tayo sa pamamagitan Niya sa ganitong dakilang pakikipaglakip, na siya ngayong sama-samang Katawan ni Kristo at sa kalaunan ay mapasusukdol sa Bagong Herusalem.
3. Ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, ay ang gol ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos; ang namumukod-tanging Diyos ay kalaunang napalalaki tungo sa isang lunsod para sa Kanyang walang hanggang paglaki at walang hanggang kahayagan bilang isang dakilang dibino-pantao, pansansinukob na pakikipaglakip.

*© 2023 Living Stream Ministry*